Republic of the Philippines
Department of Education
Cordillera Administrative Region
**DIVISION OF BAGUIO CITY**
Upper Session Road Extension, Baguio City
Tel. No.: 446-0275 Fax: (074) 442-7819

**MEMORANDUM PANDIBISYON**
Blg. 84, S. 2013

Para sa mga : Lahat ng mga Pamunuan at Kawani ng Iba't ibang Pribado at Pampublikong Ahensya
Pandistritong Tagamasid ng mga Pampublikong Paaralan
Puno/Pinuno ng mga Publiko at Pribadong Paaralan

Mula kay : **ESTELA LEON – CARINO, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay

Paksa : **PANDIBISYONG PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2013**

Petsa : Hulyo 16, 2013

---

1. Bilang pagtalima sa itinakda ng Pampangulong Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 at pag-alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 89, 2013 hinggil sa pagdiriwang na may paksang-diwa na "Wika Natin Ang Daang Matuwid" at sa unang pag-iindorso ng Punong Alkalde ng Lungsod ng Baguio, **MAURICIO G. DOMOGAN** noong Hulyo 9, 2013 tungkol sa nilalaman ng nasabing Memorandum Pangkagawaran ay magsasagawa ng iba't ibang patimpalak ang kagawaran ng Edukasyon, Dibisyon ng Baguio kaugnay sa nabanggit na Paksang-diwa.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   c. maganyak ang mamamayang Filipino na pahalagahan ang Wikang Filipino sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Kaugnay ng pagdiriwang na ito, ang mga iba't ibang patimpalak na napagkaisahang isasagawa ay ang mga sumusunod:
   a. Mga mag-aaral sa Elementarya
      a.1. Pagbigkas ng Tula- (Baitang I-III)
      a.2. Paggawa ng Poster- (Baitang IV-VI)
      a.3. Pangkatang Awit- (Baitang I-VI)

   b. Mga mag-aaral sa Sekondarya
      b.1. Isahang Pag-awit –(Baitang VII-VIII)
      b.2. Interpretative Dance-( Ikatlo at Ikaapat na Taon)

   c. Mga kawani sa DepEd-Lungsod ng Baguio

      c.1 Dalawahang Pag-awit (Duet)
      c.2 Paggawa ng Poster
      c.3 Pagsasalin ng Liham Korespondensya
      c.4 Ka-Look-Alike

4. Ang mga sumusunod na sub-tema ang magsisilbing batayan at patnubay para sa isasagawang mga Patimpalak.
   a. Ang Wika Natin ay Wika ng Katarungan at Kapayapaan;
   b. Ang Wika Natin ay laban sa katiwalian;
   c. Ang Wika Natin ay Sandata laban sa kahirapan;
   d. Ang Wika Natin ay Wika ng mabilisan, Inklusibo;
   e. Ang Wika Natin ay Wika sa pangangalaga ng kaligiran.

5. Bukas ang patimpalak sa lahat na kinatawan ng iba't ibang ahensya pribado man o pampubliko, mga mag-aaral sa Elementarya at Sekondarya.

6. Para sa ganap na kaalaman sa mekaniks ng paligsahan, basahin ang kalakip na pahina o buksan ang website address na ito, ww.depedpines.com

7. Ang patimpalak ay gaganapin sa Agosto 30, 2013 (Biyernes) sa Mataas na Pambansang Paaralan ng Lungsod ng Baguio sa ganap na ikawalo ng umaga hanggang ikalima ng hapon. (8:00 – 12:00 para sa elementarya at 1:00 – 5:00 PM sa Sekondarya.

8. Ang patimpalak para sa mga kawani ng DepEd-Baguio ay gaganapin sa Agosto 29, 2013 (Hwebes) sa bulwagan.

9. May minimal na rehistrasyong babayaran ng bawat participant, pitumpo't limang piso (P75.00) para sa mga coach at limampong piso (P50.00) sa mga mag-aaral na kalahok sa elementarya at sekondarya para sa mga kakailanganin at gagamitin sa pagsasagawa ng programa tulad ng sertipiko, papel na pagsusulatan, pagkain ng mga mangangasiwa sa programa atb. Ang rehistrasyon ay maaaring manggagaling sa pondong lokal, pondo ng PTA o anumang pondong maaaring mapagkukunan na sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.,

10. Ang agaran at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito ay malugod na hinihiling.